

# Balitang Manmin

BILANG 211 OKTUBRE 7, 2018

## “Maraming Ipinakitang Kapangyarihan na Lumalampas sa Lugar at Panahon!”

Nakibahagi ang mga Miyembro ng Manmin Mula sa Buong Mundo sa Retreat sa Tag-init sa Pamamagitan ng GCN



Sa espirituwal na kaharian na pinamamahalaan ng Diyos na espiritu, nagiging posible ang mga bagay na imposibleng mangyari sa pisikal na kaharian. Kahit magkakalayo ang mga tao sa pisikal na mundo, kung nagkakaisa naman ang puso nila sa espirituwal na kaharian, mararanasan nila ang mga bagay na parang pisikal na magkasama sila sa iisang lugar.

Kung tatanggapin ninyo ang panalangin at tatantuhin ang patakaran ng espirituwal na kaharian, darating sa inyo ang kasagutan ng Diyos na lumalampas sa lugar at panahon. Nakasulat sa Mateo 8 ang tungkol sa kapangyarihang lumalampas sa lugar at panahon. Hiniling ng isang senturion kay Jesus na pagalingin ang isa sa mga lingkod niya na paralisado. Isang salita lang mula kay Jesus, gumaling ito.

Noong Agosto 6, 2018, nangyari din ang pagpapakita ng kapangyarihan habang ginaganap ang Retreat sa Tag-init 2018 sa Deogyusan Resort, Muju. Maraming nanood sa GCN, naranasan din nila ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu na lumalampas sa lugar at panahon, tulad ng nararanasan ng mga tao sa lugar ng kaganapan (litrato). Nang manalangin si

Rev. Soojin Lee, Presidente ng samahan ng mga pastor, para sa mga maysakit mula sa entablado sa Muju gamit ang panyo na dinalangin ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee (Ang Mga Gawa 19:11-12), maraming makapangyarihang pangyayaring naganap sa buong mundo.

Dumadalo si Kapatid Debora sa Nairobi Manmin Holiness Church sa Kenya. Halos mamatay na ang kapatid niyang lalaki dahil sa malalang AIDS at tuberculosis. Pero pagkatapos nitong tanggapin ang panalangin, lumakas ito, nagkaganang kumain, at kinabukasan, dumalo na sa pagsamba sa Linggo ng umaga. Tinanggap ni Kapatid Hishigt, 52 taong gulang, ang panalangin mula sa Mongolia, naging malinaw ang paningin niya, hindi na niya kailangang magsalamin para magbasa ng mga libro. Nawala din ang pananakit ng mga daliri sa paa niya dahil sa diabetes.

Sinabi ni Kapatid Roshni Devi, 62 taong gulang, Delhi Manmin Church, India, “Masakit ang mga tuhod ko, namamaga ang mga ito. Nagpapainiksyon ako ng pampawala ng pananakit, pero pansamantala lang ito, sumasakit ulit. Sinimulan kong paghandaan ang retreat

sa pag-aayuno, panalangin, at pakikinig ng sermon ng Punong Pastor na ‘The Message of the Cross’. Pagkatapos ng panalangin sa retreat, nawala ang pananakit at ang pamamaga!”

Sinabi ni Kapatid Annal, 79 taong gulang, ng Madurai Manmin Church, India, na bumaba sa buong katawan niya ang init ng apoy ng Banal na Espiritu. Nakalaya siya sa pananakit at pamamaga ng kanang binti na nabali noon. Gumaling ang bali sa gulugod ni Kapatid Mayavelru, 34 taong gulang, ng Chennai Manmin Church, India. Marami pang mga miyembro ng iglesya ang nakaranas ng kapangyarihan ng Diyos.

Ang kapangyarihang lumalampas sa lugar at panahon ay nangyari rin sa mga binging miyembro sa ibang bansa. Nakaramdam ng matinding sakit sa kanang tainga si Kapatid Kanchama Srimee, 32 taong gulang, Chiang Mai Manmin Church para sa mga bingi sa Thailand. Bumukas ang tainga niya, nakaririnig na siya. Mas naging malinaw ang pandinig sa magkabilang tainga ni Kapatid Pascal Pawlokowski, 50 taong gulang, France, at si Kapatid Premla Raja Gopal, 40 taong gulang, Malaysia, ay mas bumuti ang pandinig sa

kanyang kanang tainga.

Nakaramdam ng matinding pananakit ng tonsil ang Punong Diakonesa Nagashima Keiko, 47 taong gulang, Tabata Manmin Church, Tokyo, Japan. Pinagaling siya ng Diyos. Pagkatapos ng mahabang panahon, nagkatrabaho si Kapatid Queenie Ancero, 22 taong gulang ng Cebu Manmin Church, Pilipinas. Marami pa ang nagpatotoo na natupad ang hinihiling ng kanilang puso.

Hindi makadalo sa retreat ang Punong Diakonesa (Honorary) Kyosun Kim, 81 taong gulang, Parokya 5, Manmin Central Church, dahil sobra ang pagkahilo niya dahil sa mababang presyon ng dugo. Nang makibahagi siya sa retreat sa pamamagitan ng GCN sa bahay niya, at tanggapin ang panalangin, nawala ang pagkahilo niya, at naging normal ang presyon ng dugo niya sa 117. Nakakalabas na siya, hindi na nahihilo.

Pasalamatan at luwalhatiin natin ang Diyos, pinapatunayan Niya ang nakasulat sa Biblia sa pagpapakita Niya sa atin ng kapangyarihan Niya.

### Mga Pastor Mula sa Russia, Dumalo sa Retreat sa Tag-init ng Manmin 2018

Ang Retreat sa Tag-init ng Manmin 2018 ay dinaluhan ng mga taong nagmula pa sa 25 mga bansa. Mayroong mga bishop at mga pastor mula sa St. Petersburg, Kalinigrad, at Western Ural, Russia. Wala silang pinalampas na kaganapan sa retreat tulad ng seminar, palaro, at papuri at pagsamba sa may campfire. Naranasan at naramdaman nilang lahat ang pag-ibig at kapangyarihan ng Diyos, lubos ang kagalakan nila.



**Pastor Aleksander Samonov**  
Bishop, The Association of Christian Churches of the Kaliningrad Diocese

“Napakainit sa Seoul noong panahong iyon, pero malamig at presko sa pinagdausan ng retreat.

Nakakamangha! Napakagaling ng pagpapatakbo at pamamahala ng iglesya sa okasyong ito, naglilingkod at nagmamahalan sa isa’t isa ang mga miyembro. Damang-dama ko ang pagkakaisa nila sa Panginoon.”



**Pastor Vladimir Osipov**  
Tagapangulo, United Holiness Church of Jesus Christ, Russia

“Isang mahalagang bahagi ng mundo natin ang Manmin dahil pinapakita ng mga miyembro ang totoong pagmamahal

ng Diyos. Ang retreat ay isang espirituwal na pagdiriwang, napuspos kami ng kagalakan at kaligayahan. Isang pagkakataon ito para sa atin na maranasan ang makalangit na kaligayahan dito sa mundo. Pinakamasayang sandali ito ng buhay ko.”



**Pastor Valerii Trenogin**  
Bishop, The Association of Christian Churches of Western Ural Mission

“Masaya ako sa pagdalo sa kaganapang ito na puno ng pagpapala. Masaya ako sa

kaligayahang mayroon ang mga miyembro ng iglesya. Gustung-gusto ko ang retreat. Nagkaroon ako ng pagpapala lalo na sa pag-awit ng papuri sa Panginoon sa ginanap na Papuri at Pagsamba sa may campfire.”

# Ang Karunungan Mula sa Diyos ay Malinis

“Ngunit ang karunungan buhat sa itaas, una’y malinis, saka mapagpayapa, banayad, mapagbigay, puspos ng kaawaan at ng mabubuting bunga, walang pagtatangi, walang pagkukunwari. At ang bunga ng katuwiran ay itinanim sa kapayapaan ng mga gumagawa ng kapayapaan” (Santiago 3:17-18).



**Dr. Jaerock Lee**

Punong Pastor ng Manmin Central Church

- Tagapangulo, The United Holiness Church of Jesus Christ
- Permanenteng Presidente, The World Christianity Revival Mission Association
- Tagapagtatag at Tagapangulo ng Lupon, Global Christian Network
- Tagapagtatag at Tagapangulo ng Lupon, World Christian Doctors Network
- Tagapagtatag at Tagapangulo ng Lupon, Manmin International Seminar
- Tagapagtatag at Tagapangulo ng Lupon, The Alliance Holiness Theological Seminary
- Doctorate ng Ministry, at Honorary Doctorate sa Divinity
- Naibroadcast ang mga sermon niya ng Far East Broadcasting Company at ng Asia Broadcast Station
- Ang mga artikulong sinusulat niya ay inilathala ng The Chosun Ilbo, The JoongAng Daily, The Dong-A Ilbo, The Hankook Ilbo, The Seoul Shinmun, The Hankyoreh Shinmun, The Kyunghyang Shinmun, The Korea Economic Daily, The Shisa News, The Christian Press
- Nagdaos siya ng mga krusada sa Estados Unidos: New York City, Washington D.C., Baltimore, Maryland, Los Angeles, Hawaii; sa Japan; India; Pakistan; Pilipinas; Argentina; Honduras; Peru; Russia; Germany; Kenya; Tanzania; Uganda; The Democratic Republic of Congo; Jerusalem, Israel; at Estonia

Bawat isa sa atin ay may isang bagay na pinapahalagahan. Pwedeng ito ay kalusugan, kahabaan ng buhay, katanyagan, kapangyarihan, kayamanan, kaluwalhatian, kaalaman, at karunungan. Sa palagay ninyo, alin sa mga ito ang pinakamahalaga?

Ang kahalagahan ng karunungan ay nakasulat sa aklat ng Kawikaan, ipinapahayag dito ang karunungan sa buhay. Halimbawa, sinasabi sa Kawikaan 3:13-14, “Mapalad ang tao na nakakasumpong ng karunungan, at ang tao na nagtatamo ng kaunawaan. Sapagkat ang pakinabang nito kaysa pilak ay mas mainam, at ang mapapakinabang dito ay higit kaysa gintong dalisay.” At mababasa sa mga susunod na talata, “Ang mahabang buhay ay nasa kanyang kanang kamay; sa kanyang kaliwang kamay ay mga yaman at karangalan. Ang kanyang mga daan ay mga daan ng kaligayahan, at lahat niyang mga landas ay kapayapaan.” Ito ang dahilan kung bakit sinasabi ng Kawikaan 4:7, “Ang pasimula ng karunungan ay ito: kunin mo ang karunungan...” Tinukoy ng 1 Mga Taga-Corinto 1:25 ang tungkol sa karunungan ng Diyos, sinasabi, “Sapagkat ang kahangalan ng Diyos ay higit na matalino kaysa mga tao.”

Sinasabi ng 1 Mga Taga-Corinto 3:18-20 kung paano makakamit ang karunungan, “Huwag dayain ng sinuman ang kanyang sarili. Kung ang sinuman sa inyo ay nag-aakalang siya ay marunong sa kapanahunang ito, ay magpakahangal siya, upang siya ay maging marunong. Ang karunungan ng sanlibutang ito ay kahangalan ng Diyos. Sapagkat nasusulat, ‘Hinuhuli Niya ang marurunong sa kanilang katusuhan.’ At muli, ‘Nalalaman ng Panginoon na ang pangangatuwiran ng marurunong ay walang kabuluhan.’”

Pwedeng akalain ng mga tao na ‘karunungan’ ang masasama at mapanlinlang na pakana ng ibang tao, pero hindi ito totoong karunungan. Kung gagamitin ito ng isang tao, hindi siya poprotektahan ng Diyos. Kaya kahit makamit niya ang maraming bagay ngayon sa pamamagitan ng kasamaan, mawawala din ang mga ito pagdating ng araw. Pero kung ang karunungan ninyo ay mula sa Diyos na mabuti, sasagana kayo sa lahat ng bagay, mamahalin kayo ng Diyos, at maluluwalhati Siya sa inyong tahanan, paaralan, at lugar ng trabaho.

## 1. Ang Karunungan Mula sa Diyos

Sa unang bahagi ng Santiago 3:17, sinasabi, “Ang karunungan mula sa itaas ay malinis.” Ang tinutukoy dito ay karunungan mula sa Diyos. Sinasabi ng Kawikaan 9:10, “Ang takot sa PANGINOON ang panimula ng karunungan...” Mababasa sa Kawikaan 16:6, “...at sa pamamagitan ng takot sa PANGINOON, ay umiiwas ang mga tao sa kasamaan.” Ang paraan para tanggapin ang karunungan mula sa Diyos ay ‘lumayo sa kasamaan sa pamamagitan ng takot sa Diyos na mabuti’.

Si Jesus na Siya mismo ay kabutihan, pag-ibig, at katotohanan ay kumilos at nagsalita ayon sa karunungan ng Diyos. Sa Lucas 10, para subukin si Jesus, tinanong Siya ng isang dalubhasa sa kautusan (abogado), “Guro, anong dapat kong gawin para makamit ang buhay na walang hanggan?” At sinagot Niya ito, “Ano ba ang nakasulat sa kautusan? Ano ang nabasa mo?” At sumagot ito, “Ibigin mo ang PANGINOON mong Diyos nang buong puso mo, nang buong kaluluwa mo, nang buong lakas mo, at nang buong pag-iisip mo at ang iyong kapwa na gaya ng iyong sarili.” At sinabi ni Jesus sa kanya, “Tumpak ang sagot mo, gawin

mo ito at mabubuhay ka.”

Hindi nakuntento ang abogado, tinanong niya muli si Jesus, sinabi niya, “At sino ang aking kapwa?” Batid ni Jesus na walang pag-ibig sa puso ang taong ito, pero hindi nasaktan ang damdamin Niya, nagkwento Siya ng isang talinhaga tungkol sa mabuting Samaritano. Sinabi Niya, “May isang taong nahulog sa kamay ng mga tulisan, iniwan siya ng mga itong halos patay na. Nakita siya ng isang pari, at ng isang Levita, pero dinaanan lang siya ng mga ito. Pero nang makita siya ng isang Samaritano, tinulungan siya. Alin sa tatlong ito ang naging totoong kapwa sa kanya?”

Noong panahong iyon, galit ang mga Judio sa mga Samaritano dahil nakikitungo sila sa mga Hentil. Pero bilang sagot sa katanungan ni Jesus, walang nagawa ang abogado kundi sabihin, “Ang taong nagpakita ng awa sa kanya.” Sinabi sa kanya ni Jesus, “Humayo ka, at gayundin ang gawin mo.” Hindi tumuon si Jesus sa kawalan nito ng pagmamahal sa kapwa pero itinuro Niya ito sa kanya sa pamamagitan ng talinhaga.

Kung hindi mabuti ang isang taong sinusubok ang karunungan at inilalagay sa ganitong situwasyon, hihiyain nito ang taong gusto siyang subukin, at tahasang sasabihin sa kanyang wala kang pagmamahal sa kapwa. O kaya, sasabihin niya sa abogado na alam niya ang masamang layunin nito, sasagutin niya ito ng patuya, kahit hindi Niya sagutin ng tahasan. Pero kung ang isang tao na tulad ni Jesus na may karunungan at kabutihan, hindi niya babalewalain o sasaktan ang damdamin ng taong ito. Tutulungan na lang niyang matuto ito. Ito ang karunungan mula sa Diyos, at ang karunungan may kabutihan.

## 2. Ang Karunungan may Kabutihan mula sa Pusong Malinis

Ang Diyos ay Liwanag at kabutihan. Habang iwinawaksi natin ang kasalanan at kasamaan, nananahan sa Liwanag, at nagsisikap maging banal, mas magagabayan tayo ng Banal na Espiritu at tatanggap ng karunungan mula sa Diyos. May pagkakapareho ang pagtanggap ng karunungan mula sa Diyos at pagtanggap ng gabay mula sa Espiritu. Kapag iwinaksi ninyo ang kasamaan, magkakaroon kayo ng malinis na puso, at kung mas mabuting tao kayo, tatanggapin ninyo ang karunungan sa mas detalyado at mas malalim na paraan.

Palaging mabuti ang karunungan ng Diyos. Kung masama ang puso ng isang tao, hindi siya makakasunod sa kabutihan kahit ituro pa sa kanya ng ibang tao ang tungkol sa karunungan ayon sa kabutihan. Iwaksi muna ang kasamaan bago tanggapin ang karunungan, para makinabang tayo dito.

Kung mabuti ang puso ninyo, iisipin ninyo ang damdamin ng mga nakikinig, kaya mabubuti, mapagpasalamat, at malilinis na bagay lang ang sasabihin ninyo. Mananalangin kayo at iiwasang magsalita tungkol sa mga bagay na makakasakit sa Diyos.

Sa totoo lang, kung masama ang puso ninyo, hindi magmumula sa inyo ang mga banal na salita at mga panalanging tungkol sa mabubuting bagay. Lalabas ang kasamaan ninyo sa mga sasabihin ninyo nang hindi ninyo sinasadya. Sa kabaliktaran, kung mabuti kayo, natural lang na magmumula sa inyo ang panalanging may kabutihan, sasabihin ninyo ang mabubuti at banal na mga salita.

Baka mali ang pagkakalala sa inyo ng ibang tao dahil sa mga salitang hindi ninyo sinabi o mga bagay na hindi ninyo

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyong, at sa walang

hanggang Langit.

5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng “The Apostles’ Creed” o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito. “Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito.” (Ang Mga Gawa 17: 25) “Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaligtas.” (Ang Mga Gawa 4: 12)

## Balitag Manmin

Inilathala ng Manmin Central Church

Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 08389  
 Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048  
 Website: <http://www.manmin.org/english>  
[www.manminnews.com](http://www.manminnews.com)  
 Email: [manminen@manmin.kr](mailto:manminen@manmin.kr)  
 Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

Tagalog

ginawa. Mabuti ang intensiyon ninyo, pero napaaway kayo o napintasan kayo ng ibang tao. Sa ganitong situwasyon, ipagkatiwala natin ang lahat sa Diyos sa halip na makipagtalo kung sino ang tama o mali. Kung magdadahilan kayo, madadagdagan pa ang hindi pagkakaunawaan.

Siyempre, gusto ninyong ipilit na wala kayong ginawang mali kaya makipagtalo kayo, pero habang ginagawa ninyo ito, nabibisto ang kasalanan ng iba. At kung hindi mailalabas ang mga kamalian nila, hindi sila magiging kampante sa harapan ninyo dahil takot silang mailantad ang mga kasalanan nila.

Kaya sinasabi sa 2 Timoteo 2:23, "Iwasan mo ang mga usapang walang kabuluhan at hangal, yamang nalalaman mo na nagbubunga ang mga ito ng mga away." Laging nauwi sa pagtatalo ang mga ispekulasyon, nawawala ang katahimikan at kapanatagan sa pagitan ng mga tao. Tatalikuran na nila ang isa't isa. Hindi nakikipagtalo ang isang taong totoong matalino at mabuti, iniisip niya ang ibang tao. At kapag nailabas ang katotohanan, at nagkapaliwanagan na, lumalambot ang mga puso, mas malalim na ang tiwala nila sa isa't isa.

Kapag may dumating na kahirapang hindi inaasahan, idalangin ninyo ito sa tulong ng Banal na Espiritu, maaaring pagkakataon ito para tumanggap ng pagpapala (Mga Kawikaan 3:6). Pagkakataon para kilalanin at baguhin ang inyong sarili kung maingat ninyong aalamin at tatantuhin ang kalooban ng Diyos. Kahit pinagbintangan kayo tungkol sa isang bagay, batid ng Diyos na wala kayong kasalanan, babawi Siya para sa inyo sa takdang panahon. Ito ang malinis na karunungan mula sa Diyos.

### 3. Ang Karunungan Hindi Mabuti ay Walang Kabuluhan

Kung hindi ninyo iniisip ang kapakanan ng ibang tao, at

sariling pananaw lang ang mahalaga, at mahilig magreklamo, baka gawin din ninyo ito sa Diyos. Maaaring batid ninyo na dapat kayong manalangin ng may mabuting puso, na hahaplos sa puso ng Diyos, pero dahil masama ang puso ninyo lalabas pa rin ito sa panalangin ninyo.

Hindi ninyo pwedeng tuparin ang mga naririnig ninyong mga salita tungkol sa karunungan na nagsasabi sa inyong manalangin ng may pusong mabuti kung masama ang puso ninyo. Kahit tinuruan kayong magpasalamat sa lahat ng bagay, kung masama ang loob ninyo, hindi ninyo makakayang gawin ito. Kung wala kayong pananampalataya, hindi ninyo mapipigilang magsalita ng mga negatibong bagay, at kahit sa panalangin, nagbibintang kayo sa ibang tao. Kaya suriin ninyo kung nagbibigay ng lugod sa Diyos ang panalangin ninyo o nagpapalungkot ito sa Kanya. Panalangin ba ito na sasagutin Niya o hindi? Nalulugod ang Diyos na magbigay ng mabilis na kasagutan sa panalangin ng mga matuwid at mabuting puso.

Si Absalom ay anak ni David, gwapo at matalino (2 Samuel 14:25), pero ginamit niya ang katalinuhan niya sa masamang bagay dahil masama ang puso niya. Galit si Absalom sa kinakapatid niyang si Amnon dahil pinagsamantalahan nito ang kapatid niyang si Tamar. Masama ang loob niya sa ama niyang si David dahil hindi nito pinarusahan si Amnon. Walang nakaalam tungkol sa galit niya, tinago niya ito, naghintay siya ng tamang pagkakataon para maghiganti. Pagkalipas ng dalawang taon, nagdaos si Absalom ng isang okasyon, ito ay sama-samang pag-ahit ng balahibo ng mga tupa, inanyayahan niya si Amnon. Pinapatay niya si Amnon sa mga lingkod niya. Pagkatapos tinakasan niya si David.

Pagkalipas ng ilang taon, nahalata ni Joab na nalulungkot si David sa pagkawala ni Absalom, isinama niya ito sa Jerusalem. Pero dalawang taon na silang hindi nagkikita. Inakala ni Absalom na hindi na siya mahalaga sa ama

niya, may galit sa ama ang puso niya, nagplano siyang maghimagsik.

Nagsanay siya ng mga mandirigma, nag-ipon siya ng mga armas at mga karwahe. Mayroon siyang personal na hukbo para sa paghihimagsik. Gumawa siya ng kwento sa mga tao at sinabi sa kanilang hindi sila mahal ni David, at tanging siya lang ang nagmamahal sa kanila. Dahil dito, naging tanyag siya sa mga tao, nakuha niya ang pagtiwala ng mga ito (2 Samuel 15:2-6).

Tuluyan nang naisagawa ni Absalom ang paghihimagsik, at mabilis na lumayo si David. Nakuha ni Absalom ang loob ni Ahitofel, ang tagapayo ni David. Ang payo ni Ahitofel ay dakila, parang sumangguni ito sa salita ng Diyos (2 Samuel 16:23).

Pero, nabigo ang paghihimagsik ni Absalom dahil binulag ng Diyos ang 'karunungan' niya. Naglatag ng estratehiya si Ahitofel kay Absalom para matalo si David pero si Husai ang pinakinggan niya na nagmungkahi ng estratehiya na mas panig kay David. Kahit matalino at 'marunong' si Absalom, pinili niya ang daan patungo sa pagkawasak nang bulagin ng Diyos ang pag-iisip niya. Makikita natin dito na kahit gaano tayo katalino at karunong, kung hindi malinis at mula sa Diyos ang karunungan natin, wala itong kabuluhan.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, ang karunungan ng Diyos ay higit pa sa karunungan ng tao. Iba ito sa karunungan dito sa mundo. Ang karunungan ito ay tungkol sa kabutihan, kaya dapat muna kayong mapabanal para matanto ang karunungan ito at isagawa ang natutuhan ninyo. Hinihikayat ko kayo na hingin sa Diyos, na Siyang pinagmumulan ng karunungan, na bigyan kayo ng karunungan na malinis, at tanggapin ninyo ito. Idinalangin ko sa pangalan ng Panginoon na sumagana nawa kayo sa lahat ng bagay at luwalhatiin ang Diyos sa pamamagitan ng masaganang bunga.

Kompetisyon sa Palaro: Pinakamagandang lagay ng panahon ang ibinigay ng Diyos, tinakpan ng mga ulap ang init ng araw at humihip ang malamig na simoy ng hangin



Sa umaga ng pangalawang araw, pagkatapos tanggapin ng mga miyembro ang panalangin ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee, na naka-record sa video, sinimulan na ang kompetisyon sa palaro. Naglabanlaban ang Red Team (una Great Grand Parish, Chinese Parish, at Overseas Parish), White Team (pangalawa GGP), Yellow Team (pangatlo GGP) at Blue Team (mga sangay na iglesya). Lahat sila ay nasiyahan sa kompetisyon at nag-unahang masungkit ang 18 gintong medalya mula sa anim na labanan: tug-of-war, king sized balloon rolling, 100 metro takbuhan, long distance race, bunong braso, at relay race. Itinanghal na kampeon para sa taong 2018 ang Yellow Team, at ang pinakamahusay na manlalaro ay iginawad kay Kapatid Hongkuk Lee at Kapatid Jaeah Lee ng Yellow Team na nanalo ng gintong medalya sa takbuhan.

Tinakpan ng Diyos ang araw ng mga ulap at humihip ang malamig na simoy ng hangin habang ginaganap ang kompetisyon. Nangyari ito kahit nakararanas ng napakainit na panahon ang buong bansa. Ang temperatura sa Jumping Park ay 26 degrees Celsius, presko ang pakiramdam ng mga miyembro. Lalo silang nagkaisa sa ilalim ng pag-ibig ng Diyos. Naging masaya sila sa mga kompetisyon na mapayapang idinaos. Dinaan sa bunutan ang ibang premyo na nakadagdag ng kasiyahan.

2018  
Kompetisyon sa  
Palaro ng Manmin



## “Lubos ang pagpapasalamat ko sa salita ng buhay at pagpapakita ng kapangyarihan!”

Kapatid Angelica Campos, 57 taong gulang, Peru Manmin Church

Isang araw, nakapakinig ako ng sermon ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee na pinamagatang “Heaven” (Langit), sa Enlace TV, ang pangunahing istasyon ng telebisyon para sa mga taong Kastila ang salita, tumanggap ako ng malaking pagpapala. Noong Mayo 2012, nagrehistro ako bilang miyembro ng Peru Manmin Church.

Naninirahan ako sa Cerro de Pasco, 4,380 metro ang taas ng lugar na ito mula sa ibaba. Bumibiyahe ako ng 16 oras, papunta at pabalik, para makarating sa Peru Manmin Church sa Lima, ang kabiserang lunsod. Umaalis ako sa bahay namin tuwing Biyernes ng gabi para makarating sa Lima ng ika-5:00 ng umaga ng Sabado. Nakikitulog ako sa mga anak ko, dumadalo ako sa pagsamba sa umaga at gabi tuwing araw ng Linggo. Umuuwi rin ako ng Linggo ng gabi. Kahit mahirap, hindi ako lumiliban sa Araw ng Panginoon dahil masaya ako sa pananampalataya ko. Pinagaling ako ng Diyos sa sakit kong urinary incontinence, 14 na taon kong tiniis ito. Nabigyan din ako ng disentang trabaho dahil hiniling ko ang tulong na panalangin ni Dr. Lee na lumalampas sa lugar at panahon.

Mula noong taong 2014, nalaman na ng mga tao sa lugar namin ang tungkol sa Manmin, nagtitipon kami

para sumabay sa pagsamba sa internet. Nagtatag ng lokal na santuwaryo sa lugar namin, doon kami nagtitipon at nagdadaos ng lahat ng klaseng pagsamba, araw-araw din ang panalangin namin sa pulong panalangin Daniel. Naglilingkod ako bilang lider ng iglesya. Nagpapasalamat ako ng taos-puso.

Noong Hulyo 4, 2018, dinala sa ospital ang asawa ko dahil sa anemia at pagdurugo ng bituka. Ang sukat ng hemoglobin niya ay 7.6/dL, kung malusog, ang sukat ay nasa pagitan ng 13.0 at 16.0g/dL. Kamuntik na siyang mamatay. Sinabi ng doctor na baka may kanser ang asawa ko kaya sumailalim siya sa iba't ibang pagsusuri. Palagi ko siyang sinasamahan sa pagtanggap niya ng panalangin ng Punong Pastor sa internet at smartphone. Noong Hulyo 6, idinalangin ko siya gamit ang panyo na pinanalangin ng Punong Pastor, inilapat ko ito sa katawan niya (Ang Mga Gawa 19:11-12). Nang ilabas ang resulta ng pagsusuri, nakitang may gastric ulcer siya at hindi kanser. Mali ang suspetya ng doktor.

Nais kong ipahayag ang pagpapasalamat ko sa pagdalo ko sa Retreat sa Tag-init ng Manmin 2018 na idinaos sa Korea. Gusto ko ring mapagaling ang sakit ko sa bato na

sampung taon ko nang tinitii. Isang sintomas ng sakit na ito ay malalang pamamaga kapag mainit ang panahon. Kapag mainit ang panahon, namamaga ang ibabang bahagi ng katawan ko mula baywang, nagiging 46 pulgada ang baywang ko na 30 pulgada ang sukat. Nagdalawang-isip ako sa pagpunta sa retreat dahil napakainit sa Korea noong panahong iyon. Pinaghandaan ko ito, umasa ang puso ko. Pinagsisihan ko ng lubos ang mga kasalanan ko at pinuno ako ng Diyos ng pagpapala.

Nagdesisyon akong pumunta sa retreat. Habang nagesseminar sa unang gabi, idinalangin ni Rev. Soojin Lee ang mga maysakit gamit ang panyo na dinalangin ng Punong Pastor. Naramdaman ko ang apoy ng Banal na Espiritu na bumaba sa akin. Napansin ko na nawala ang pananakit na bumagabag sa akin, magaling na ako. Wala na akong nararamdamang sakit o hirap kahit malayo ang nilalakad ko.

Sa pagbisita kong ito, nadama ko ang dakilang pag-ibig ng Diyos na gumagabay sa Manmin, pinagaling Niya ako. Nagpapasalamat at niluluwalhati ko ang Diyos at ang Panginoon ng pag-ibig. Salamat din sa Punong Pastor na nanalangin para sa akin.



▲ Pastor Peter Kim at ang mga miyembro ng Peru Manmin Church sa pagbisita nila sa Manmin Central Church



## “Gumaling ang Sakit Ko sa Balat Pagkatapos Kong Itigil ang Pakikisaya Ko sa Kamunduhan!”

Kapatid na Yerim Kim, 19 taong gulang, ika-12 baitang, Manmin Central Church

Noong nasa elementarya ako, nagkaroon ng eksema ang likuran ng bukong-bukong ko. Gumaling ako dahil sa panalangin ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee. Pero umulit ito noong nasa ika-9 na baitang ako, at kumalat at lumala pa ito.

Dahil may smartphone ako, nakinig ako sa mga popular na makamundong tugtugin, nanood din ako ng mga video na alam kong makasasama sa espiritu ko, at naglaro din ako. Wala akong interes sa pag-aaral o sa pananampalataya dahil masayang-masaya ako sa kamunduhan. Naging malala ang sakit ko sa balat. Apektado na ang mga kamay at mga paa ko. Napakakati, kumalat na ito sa talampakan kaya nahirapan akong maglakad. Nang magpasuri ako, sinabi ng doctor na eksema ang sakit ko, niresetahan niya ako ng gamot.

Ininom ko ang gamot at ipinahid ang ointment, hindi gumaling ang sakit ko. Kahit sinabi ng Punong Pastor na mahal natin ang Diyos ng higit sa lahat, hindi ko maiwan ang kamunduhan. Ni hindi ko magawang lumapit sa Kanya. Kahit itinigil ko pansamantala ang pagsisiya sa mundo, binalikan ko pa rin ito, inisip ko, “Wala ba akong konsiyensya bilang isang tao?”

Bago matapos ang Hulyo 2018, habang papalapit ang Retreat sa Tag-init ng Manmin, naisip kong hindi ko na kayang mabuhay tulad ng ginagawa ko ngayon. Dumalo ako sa pulong panalangin Daniel, nakita

kong maalab na nanalangin ang mga miyembro ng iglesya. Naisip kong gusto kong magbago. Binura ko lahat ng mga laro at mahigit na 200 makamundong kanta sa smartphone ko. Pagkatapos, mas masipag na akong manalangin, at dahil dito, mas naging kumportable at masiyahin na ako. Parang bagong puso ang tumitibok sa dibdib ko.

Sa palaro sa retreat, sumali ako sa tug-of-war bilang miyembro ng unang Great Grand Parish. Para hindi magbago ang isip ko, dinaluhan ko ang praktis araw-araw. Samantala, mabilis ang paggaling ng eksama sa mga kamay at paa ko. Walang nagawa ang kahit na anong gamot dati, pero kapansinpansin na gumagaling ito habang nagbabago ako. Nagsimula itong gumaling bago pa ako makarating sa retreat.

Dati, nagmemydas ako kahit tag-init, pero ngayon, hindi na. Itinatago ko noon ang mga kamay kong maysakit sa balat, pero ngayon hindi na. Hallelujah!

Nang magsimula ang buwan ng Agosto, sumali ako sa Retreat sa Tag-init ng Manmin. Naranasan ko ang kamangha-manghang kapangyarihan ng Diyos. Napaiyak ako dahil damang-dama ko ang pag-ibig ng Diyos, ng Panginoon, at ng pastol. Malaki at marami ang pagpapala sa akin. Sa kasalukuyan, napakaganda ng pakiramdam ko, gusto kong magbago at maglingkod sa mga magulang ko. Nagpapasalamat ako sa Diyos na buhay at mabuti, niluluwalhati ko Siya!

### Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

#### Manila Manmin Holiness Church

168 West Riverside St., Brgy. San Antonio, San Francisco Del Monte, Quezon City, Metro Manila, Pilipinas  
Pastor Jaebhong Uhm  
0977-329-4789

#### Bataan Manmin Holiness Church

067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas  
Pastor Jaebhong Uhm  
2-735-1423

#### Isabela Manmin Holiness Church

Purok 3, Brgy. San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas  
Pastor Jaebhong Uhm  
0977-329-4789

#### Cavite Manmin Holiness Church

5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen. Trias, Cavite, Pilipinas  
Pastor Sharon Cho  
046-850-3193 /  
0916-674-3903 /  
0905-319-8191

#### Imus Manmin Holiness Church

Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas  
Pastor Jubeom Kim  
0927-311-7633

#### Cebu Manmin Holiness Church

LOT N. 402 - B-4  
Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas  
Pastor Rossetta Sung  
0921-635-7595

#### Davao Manmin Holiness Church

301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas  
Pastor Kathryn Kim  
0908-635-2714